

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

HAEC múnera, quásumus, Dómine, et víncula nostræ pravitátis absólvant, et tuæ nobis misericórdiæ dona concílient. Per Dóminum.

ANG MGA HAIN na ito, Panginoon, ay makapagpalaya sa amin mula sa pagkakabitag ng aming kasamaan at ipagkamit naman para sa amin ang Iyong awa't habag. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

ANTIPONA SA KOMUNYON • Lc 11:9-10

PETITE et accipietas: quærite, et invenietis: pulsate, et aperietur vobis: omnis enim qui petit, accipit: et qui quærit, invenit: et pulsanti aperitur, alleluia.

HUMINGI kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makakatagpo; kumatok kayo at kayo'y pagbubuksan. Ang bawat humihingi ay tatanggap; ang bawat humahanap ay makakatagpo; at ang bawat kumakatok ay pagbubuksan, aleluia.

▪ *Prepasyo ng Panahon ng Pascua.*

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

VOTA nostra, quásumus, Domine, pio favore proseguere: ut dum dona tua in tribulatione percipimus, de consolatione nostra in tuo amore crescamos. Per Dominum.

TANGGAPIN mong malugod ang aming mga panata, Panginoon, at sa aming nararanasang ligalig sa buhay na ito, kalingain Mo nawa kami sa bisa ng Iyong mga kaloob at lumago sa pag-ibig sa iyo. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

Hermanidad de la Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite

Comision sa Pagsasalin



MISA AT LETANIA PARA SA MGA ARAW NG PAGLUHOG

Sa Pista ni San Marcos, Ebanghelista (Rogativas Mayor)

Lunes, Martes, at Miercoles
bago ang Pista ng Pag-akyat ni Jesus sa Langit (Rogativas Menor)

Misa "Exaudivit"

• *I cl.* • *Semidoble* • *Lila*

Ang *Rogativas* o *Apat na Pagluhog sa Pag-inog ng Taon* ay ang mga tanging araw kung saan tayo'y dumudulog sa Dios habang nagtitika tayo sa ating mga kasalanan. Mahalaga ang mga panahong ito upang lalo nating isabuhay ang ating pananampalataya na naka-ugat sa Panginoon. Isa pa ay ang ating pagpapasalamat sa lahat ng biyaya na ating tinanggap sa Kaniya.

Ngayong *Pascua*, hindi lamang tayo nagdiriwang sa mga ligaya nitong Pasko ng Muling Pagkabuhay kundi dumudulog at sumasamo tayo sa Dios at kinikilala natin ang ating kahinaan at pangangailangan sa Kaniya. Ang lahat ng ating natatanggap sa Kaniya nagbubuhay. Ang mga Panalangin at Pagbasa sa Misa na ito'y tumutukoy sa kabutihan ng Dios sa ating buhay sa kabila ng ating pagkasuwail at ang ating pananagutan sa kapuwa na akayin sila tungo sa landas ng kabanalan. Huwag sana nating sayangin ang biyaya na ipinagkakaloob.

Mga kapatid, kung may kapatid kayong nalilihis ng landas at may isa namang umakay sa kanya upang magsisi, ito ang tandaan ninyo: sinumang makapagpabalik sa isang makasalanan mula sa kanyang maling pamumuhay ay nagliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan at nagpapawi ng maraming kasalanan. — **R. Salamat sa Dios.**

ALELUYA • Ps 117:1

Allelúia, allelúia. *V.*
Confitémini Dómino, quóniam
bonus: quóniam in sǎculum
misericordia ejus. **Allelúia.**

Aleluya, aleluya! *V.* Purihin ninyo ang
Panginoon sapagka't siya'y mabuti: ang
kaniyang awa't habag ay magpakailanman.
Aleluya!

EBANGHELYO • Lc 11:5-13

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

[Magsumikap tayong manalangin na may kababaang-loob.]

NOONG PANAHOONG IYON: Sinabi ni Jesus sa kaniyang mga alagad: “Ipalagay nating isang hatinggabi, isa sa inyo'y nagpunta sa isa ninyong kaibigan at nakiusap, ‘Kaibigan, pahiram muna ng tatlong tinapay. Dumating kasi ang isa kong kaibigang naglalakbay at wala akong maihain sa kanya!’ At ganito naman ang sagot ng kaibigan mong nasa loob ng bahay, ‘Huwag mo akong gambalain! Sarado na ang pinto at nakahiga na kami ng aking mga anak. Hindi na ako makakabangon para bigyan ka ng kahit ano.’ Sinasabi ko sa inyo, hindi man ibigay ang hinihingi ng kaibigan dahil sa pagpupumilit nito. Kaya’t sinasabi ko sa inyo, humingi kayo at kayo’y bibigyan; humanap kayo at kayo’y makakatagpo; kumatok kayo at kayo’y pagbubuksan. Sapagkat ang bawat humihingi ay tatanggap; ang bawat humahanap ay makakatagpo; at ang bawat kumatok ay pagbubuksan. Kayong mga ama, bibigyan ba ninyo ng ahas ang inyong anak kung ito’y humihingi ng isda? Bibigyan ba ninyo siya ng alakdan kung siya’y humihingi ng itlog? Kayo ngang masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak. Lalo na ang inyong Ama na nasa langit, na magbibigay ng Espiritu Santo sa mga humihingi sa kanya!” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 108:30-31

CONFITEBOR Domino nimis in
ore meo: et in medio multorum
laudabo eum, quia astitit a
dextris pauperis: ut salvam
faceret a persequentibus
animam meam, alleluia.

PUPURIHIN ng aking bibig ang Poong Mahal,
at sa gitna ng kapulungan, pupurihin ko Siya,
sapagka't tumindig siya sa kanang kamay ng
mga dukha upang iligtas ang aking kaluluwa sa
mga umuusig sa akin: aleluya.

IKALAWANG YUGTO:
ANG MISA

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 17:7

EXAUDIVIT de templo sancto suo vocem meam, alleluia: et clamor meus in conspectu ejus, introivit in aures ejus, alleluia, alleluia. — *Ps ibid. 2-3* Diligam te, Domine, virtus mea: Dominus firmamentum meum, et refugium meum, et liberator meus. *V.* Gloria Patri. Exaudivit.

NARINIG niya ang aking tinig buhat sa kaniyang banal na templo, aleluya! At ang aking pagdaing ay dumating sa harapan Niya, at talaga'y kaniyang narinig, aleluya, aleluya! — *Salmo 17:2-3* Minamahal kitang lubos, Poon na aking lakas! Ang Panginoon ang aking muog, tanggulan, at tagapagligtas. *V.* Luwalhati sa Ama. — Narinig niya...

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

PRAESTA, quæsumus, omnipotens Deus: ut, qui in afflictione nostra de tua pietate confidimus, contra adversa omnia, tua semper protection muniamur. Per eundem Dominum.

ISINASAMO NAMIN, O Dios na makapangyarihan, upang kaming umaasa sa Iyong awa sa gitna ng aming paghihirap ay ipinakikiusap naming maipagtanggol Mo sa lahat ng panganib. Sa pamamagitan pa rin ni Jesucristong Panginoon namin...

☞ *Kung ito'y matapat makalipas ang Domingo de Albis, idaragdagag ang ika-2 panalangin, "Parangal kay Santa Mariang Virgen.", at ika-3 panalangin, "Laban sa Mga Kaaway ng Simbahan" o 'di kaya'y "Para sa Santo Papa."*

☞ *Kung ito'y matapat sa Infraoctava ng Pascua (Octava o Walong Araw na Pagdiriwang) idaragdagag ang ika-2 panalangin, "Laban sa Mga Kaaway ng Simbahan" o 'di kaya'y "Para sa Santo Papa."*

SULAT • Sn 5:16-20

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol Santiago.

[Idalangin ninyo ang isa't isa upang kayo'y maligtas.]

MGA MINAMAHAL: Ipagtapat ninyo sa inyong mga kapatid ang inyong mga kasalanan at ipanalangin ninyo ang isa't isa, upang kayo'y gumaling. Malaki ang nagagawa ng panalangin ng taong matuwid. Si Elias ay isang tao na tulad din natin; nang mataimtim siyang nanalangin na huwag umulan, hindi nga umulan sa loob ng tatlong taon at anim na buwan. At nang siya'y nanalangin para umulan, bumagsak nga ang ulan at namunga ang mga halaman.

UNANG YUGTO:
ANG LITANYA NG MGA BANAL

[Mga panuto mula sa Manuale de Manila]

Matitipon ang mga pari at ang bayan sa kanilang parokya o simbahan pagka-umaga o sa itinakdang oras. Mapagkumbaba't mataimtim silang manananlangin sa Dios habang nakaluhod. Samantala, ang pari kasama ng mga banal na ministro ay magsusuot ng kapa, o 'di kaya'y kahit sobrepelliz at kulay lila na estola. Ang kulay na lila na ito'y magagamit sa lahat ng mga prusisyon maliban sa Corpus Christi, sa mga dakilang kapistahan, o accion de gracias; kung gayo'y kulay puti o ang nakatakdang kulay para sa pagdiriwang na iyon. Ang ibang mga pari ay makasusuot ng sobrepelliz. Samantala, habang nakatindig sa paanan ng altar, aawitin nila ang antipona at salmo para pasimulan ang prusisyon. Pagkatapos nito'y luluhod sila sa paanan ng altar upang simulan ang Letania; ang lahat ay tutugon at aawit.

ANTIPONA • Ps 43:26

EXURGE, Domine, adjuva nos: et libera nos propter nomen tuum. (T.P. Alleluia.) — *Ps 43:2* Deus, auribus nostris audivimus: patres nostri annuntiaverunt nobis. *V.* Gloria Patri. Exurge.

BUMANGON KA, Panginoon, at tulungan mo kami. Palayin mo kami alang-alang sa Iyong ngalan. (P.P. Aleluya.) — *Salmo 43:2* O Diyos, narinig ng aming mga tainga ang ginawa mo sa aming mga magulang. *V.* Luwalhati sa Ama. — Bumangon ka.

Sa dakong "Santa Maria, ipanalangin mo kami," silang lahat ay tatayo at mahahanay para sa prusisyon. Itutuloy nila ang Litanya. Kasunod nila ang ciriales, sunod ang mga pari, at sa hulihan ng prusisyon ay ang pari at ang mga ministro, batay sa nakagawian ng pook.

ANG LITANYA • Litaniae Sanctorum

KYRIE, eleison.

Christe, eleison.

Kyrie, eleison.

Christe, audi nos.

Christe, exaudi nos.

Pater de caelis, Deus,

**** miserere nobis.**

Fili, Redemptor mundi, Deus, **

Spiritus Sancte, Deus, **

Sancta Trinitas, unus Deus, **

Sancta Maria, * ora pro nobis.

PANGINOON, maawa ka.

Kristo, maawa ka.

Panginoon, maawa ka.

Kristo, pakinggan mo kami.

Kristo, paka-pakinggan mo kami.

Diyos Amang nasa langit,

**** kaawaan mo kami.**

Diyos Anak na tumubos sa sanlibutan, **

Diyos Espiritu Santo, **

Banal na Santatlo, iisang Diyos, **

Santa Maria, * ipanalangin mo kami.

Sancta Dei Genetrix,
Sancta Virgo virginum,

Sancte Michael,
Sancte Gabriel,
Sancte Raphael,
Omnes sancti Angeli
et Archangeli,
Omnes sancti beatorum
Spirituum ordines,

Sancte Ioannes Baptista,
Sancte Ioseph,
Omnes sancti Patriarchae
et Prophetae,

Sancte Petre,
Sancte Paule,
Sancte Andrea,
Sancte Iacobe,
Sancte Ioannes,
Sancte Thoma,
Sancte Iacobe,
Sancte Philippe,
Sancte Bartolomaeae,
Sancte Matthaeae,
Sancte Simon,
Sancte Thaddaeae,
Sancte Matthia,
Sancte Barnaba,
Sancte Luca,
Sancte Marce,

Omnes sancti Apostoli
et Evangelistae,

Omnes sancti discipuli
Domini,

Omnes sancti Innocentes,

Santang Ina ng Diyos,
Santang Birhen ng mga Birhen,

San Miguel,
San Gabriel,
San Raphael,
Kayong lahat na mga Anghel
at Arkanghel,
Kayong lahat na mapapalad
na banal na Espiritu,

San Juan Bautista,
San Jose,
Kayong mga banal na Patriarka
at Propeta,

San Pedro
San Pablo
San Andres,
San Tiago,
San Juan,
Santo Tomas
San Tiago,
San Filipe,
San Bartolome,
San Mateo,
San Simon,
San Judas Tadeo,
San Matias,
San Barnaba,
San Lucas,
San Marcos,

Kayong lahat na mga Apostol
at Ebanghelistas,

Kayong lahat na mga banal
na alagad ng Panginoon,

Kayong mga banal na Sanggol
na Walang-Malay,

* ora(-te) pro nobis.

* ipanalangin mo (niyo) kami.

[Para sa Lahat ng Mga Nabubuhay at Nangamatay.]

ODIOS na makapangyarihan at walang hanggan, ikaw ang naghahari sa nangamatay at sa mga nabubuhay, at maawain sa lahat na nakakaalam na sila ay sa Iyo dahil sa pananampalataya at mabuting gawain: pakumbaba naming isinasamo namin sa iyo, para sa kanila na ang aming mga panalangin ay ibinuhos, kung sila man ay nanatili pa sa kanilang katawang-lupa o kaya'y tinanggap na sa kabilang buhay ang kanilang kaluluwa, nawa'y sa iyong pag-ibig at kabutihan, at sa panalangin ng mga Santo, makamit nawa nila ang kapatawaran ng lahat ng kanilang mga kasalanan:

Sa pamamagitan ni Jesucristo naming Panginoon, na Iyong Anak, siyang nabubuhay at naghahari kasama Mo at ng Espiritu Santo, magpasawalang-hanggan. — **R. Amen.**

V. Dóminus vobíscum.
R. Et cum spírítu tuo.

V. Exáudiat nos omnípotens et
miséricors Dóminus.
R. Amen.

V. Et fidélium ánimæ per
misericórdiam Dei requiéscent
in pace.
R. Amen.

V. Sumainyo ang Panginoon.
R. At sumaiyo rin.

V. Pakinggan nawa tayo ng makapangyarihan
at mahabaging Panginoon.
R. Amen.

V. Mapanatag nawa sa kapayapaan, sa awa ng
Diyos, ang mga kaluluwa ng mga binyagan.
R. Amen.

☞ Kung may dadalawing mga parokya o bahay-dalanginan habang nagpupruisyon, mahihinto ang Letania o mga Salmo pagkapasok nila roon. Aawitin ang antipona at mga panalangin parangal sa Tagapagtangkil ng simbahan na iyon. Pagkatapos ng mga ito, babalik silang lahat sa prusisyon at ipagpapatuloy ang Letania. Ganito ang magiging kaayusan hanggang makabalik muli ang prusisyon sa nakatakdang simbahan. Pagkarating ng lahat sa naturang simbahan, wawakasan ang Letania gaya ng nakagawiang mga Panalangin pagkatapos ng Letania.

Pagkatapos ng lahat ng ito, masisimulan na ang Santa Misa.

ODIOS, gawa ng aming pagsuway, ipinagkakamit namin ang iyong poot, subalit sa aming pagbabalik-loob, napapanatag ang iyong kalooban. Pakumbabang hinihiling namin na pakinggan Mo ang pagsusumamo ng iyong bayan, at sa iyong kagandahang-loob, huwag mo kaming parusahan batay sa iyong pagkagalit sa amin, yamang batid naming ito ang kapalit ng aming mga paglabag.

[Para sa Santo Papa.]

ODIOS na makapangyarihan at walang-hanggan, kaaawan Mo ang iyong lingkod na si Papa **N**. at gabayan mo siya sa kaniyang pamumuno sa iyong Simbahan tungo sa daan ng kaligtasan, at sa Iyong tulong ay mahalin niya ang tanang nakalulugod sa Iyo upang mapaglingkuran kang tapat nang buong lakas.

[Para sa Kapayaan at Katiwasayan.]

ODIOS, sa iyo nagmumula ang mga banal at matuwid na hangarin, matuwid na pagpapasiya at mabubuting gawa: ipagkaloob mo sa iyong mga lingkod ang kapayapaang hindi maibibigay ng sanlibutan, at itulot mong ang damdamin at kalooban nami'y nakatahak sa pagsunod sa Iyo; nawa'y ipagtanggol mo kami sa aming mga kaaway, at mamuhay nawa kami sa kapayapaan at sa katiwasayan.

[Para sa Kalinisang-puri.]

LINISIN mo ang aming mga kalooban, O Panginoon, sa bisa ng makalangit na Lapoy ng Espiritu Santo, upang mapaglingkuran ka naming may dalisay na katawan at kaluguran nang may malinis na puso.

[Para sa Lahat ng Mga Yumaong Binyagan.]

ODIYOS, ikaw ang Manlilikha at Manunubos ng tanang nananalig sa Iyo: patawarin mo nawa ang lahat na mga kasalanan ng iyong mga lingkod na pumanaw na, at sa aming taimtim na pananalangin, makamtan nawa nila ang hinahangad nilang habag at pagpapatawad.

[Upang Gabayan Tayo ng Dios sa Lahat Nating Gawain.]

ITAGUYOD Mo nawa ang aming mga ginagawa, isinasamo namin, Panginoon, at pagibayuhin Mo itong ganap sa tulong Mong wagas, upang ang lahat naming panalangin at paggawa ay magsimula at magwakas sa Iyo lamang.

Sancte Stephane,
Sancte Laurenti,
Sancte Vincenti,
Sancti Fabiane et Sebastiane,
Sancti Iohannes et Paule,
Sancti Cosma et Damiane,
Sancti Gervasi et Protasi,

Omnes sancti martyres,

Sancte Sylvester,
Sancte Gregori,
Sancte Ambrosi,
Sancte Augustine,
Sancte Hieronyme,
Sancte Martine,
Sancte Nicolae,

Omnes sancti Pontifices
et Confessores,
Omnes sancti Doctores,

Sancte Antoni,
Sancte Benedicte,
Sancte Bernarde,
Sancte Dominice,
Sancte Francisce,

Omnes sancti Sacerdotes
et Levitae,
Omnes sancti Monachi
et Eremitae,

Sancta Maria Magdalena,
Sancta Agatha,
Sancta Lucia,
Sancta Agnes,

San Esteban,
San Lorenzo,
San Vicente,
San Fabian at Sebastian,
San Juan at Pablo,
San Cosme at Damian,
San Gervasi at Protasi,
Kayong lahat na mga
banal na Martir,

San Silvestre,
San Gregorio Magno,
San Ambrosio,
San Agustin,
San Geronimo,
San Martin,
San Nicolas,
Kayong lahat na mga banal na
Papa at Kumpesor,
Kayong lahat na mga banal na
Pantas ng Simbahan,

San Antonio,
San Benito,
San Bernardo,
Santo Domingo,
San Francisco,
Kayong lahat na mga banal na Pari
at Diacono,
Kayong lahat na mga banal
na Relihiyoso
at Ermitanyo

Santa Maria Magdalena,
Santa Agueda,
Santa Lucia,
Santa Ines,

* ora(-te) pro nobis.

* ipanalangin mo (niyo) kami.

Sancta Caecilia,
 Sancta Catharina,
 Sancta Anastasia,
 Omnes sanctae Virgines
 et Viduae,

* ora(-te) pro nobis.

Omnes Sancti et Sanctae Dei,
 ** intercedite pro nobis.
 Propitius esto,
 ** parce nos, Domine.
 Propitius esto,
 ** exaudi nos, Domine.

Ab omni malo,
 * libera nos, Domine.

Ab omni peccato,
 Ab ira tua,
 A subitanea et improvisa
 morte,
 Ab insidiis diaboli,
 Ab ira et odio et omni
 mala voluntate,
 A spiritu fornicationis,
 A fulgure et tempestate,
 A flagello terraemotus,
 A peste, fame et bello,
 A morte perpetua,

* libera nos, Domine.

Per mysterium sanctae
 Incarnationis tuae,
 Per adventum tuum,
 Per nativitatem tuam,
 Per baptismum et
 sanctum ieiunium tuum,
 Per crucem et passionem
 tuam,
 Per mortem et
 sepulturam tuam,

Santa Cecilia,
 Santa Catalina,
 Santa Anastasia,
 Kayong lahat na mga banal na
 Birhen at Biyuda,
 Kayong lahat na mga Banal ng Diyos,
 ** ipamagitan ninyo kami.
 Ipakita Mo sa amin ang iyong awa,
 ** patawarin Mo kami, Panginoon.
 Ipakita Mo sa amin ang iyong awa,
 ** pakinggan Mo kami, Panginoon.

Sa tanang masama,
 ** iadya Mo kami, Panginoon.

Sa tanang kasalanan,
 Sa Iyong poot,
 Sa biglaang kamatayan,
 Sa mga lilo ni Satanas,
 Sa galit, at pagkamuhí, at mga
 masasamang hangarin,
 Sa hangarin ng kahalayan,
 Sa mga bagyo at sakuna,
 Sa hagupit ng lindol,
 Sa salot, kagutuman at digmaan,
 Sa walang-hanggang kamatayan,

* iadya mo kami, Panginoon.

Pakundangan sa hiwaga ng
 Pagkakatawang-tao Mo,
 Pakundangan sa Iyong pagparito,
 Pakundangan sa Iyong pagsilang,
 Pakundangan sa Iyong binyag at
 banal na pag-aayuno,
 Pakundangan sa Iyong krus
 at dinanas na paghihirap,
 Pakundangan sa Iyong pagkamatay
 at paglilibing sa iyo,

V. Requiéscant in pace.
 R. Amen.

V. Pro fratribus nostris
 abséntibus.
 R. Salvos fac servos tuos,
 Deus meus, sperántes in te.

V. Mitte eis, Dómine, auxílium
 de sancto.
 R. Et de Sion tuere eos.

V. Dómine, exáudi oratiónem
 meam.
 R. Et clamor meus ad te
 véniat.

V. Dóminus vobíscum.
 R. Et cum spírítu tuo.

V. Mapanatag nawa sila sa kapayapaan.
 R. Amen.

V. Para sa mga kapatid nating hindi natin
 kapiling ngayon:
 R. O Dios ko, iligtas mo ang Iyong mga
 lingkod na umaasa sa Iyo.

V. Panginoon, isugo Mo ang iyong makalangit
 na tulong.
 R. At mula sa Sion, iligtas Mo sila.

V. Panginoon, pakinggan Mo ang aking
 panalangin.
 R. At makarating nawa sa Iyo ang aking
 pagdaing.

V. Sumainyo ang Panginoon.
 R. At sa iyong espíritu.

Manalangin tayo.

[Upang Hingin ang Kapatawaran ng Dios.]

ODIOS namin, likas kang nahahabag at magpatawad, tanggapin mo ang aming
 abang kahilingan; at pakundangan sa iyong habag, makalaya nawa kami sa
 aming kasalanan at kalagan kami alang-alang sa Iyong kagandahang loob.

PAKAPAKINGGAN Mo, O Panginoon, ang aming mga kahilingan, at patawarin
 mo ang aming kasalanan upang kami'y magkamit ng Iyong pagpapatawad at
 kapayapaan.

SA Iyong habag, O Panginoon, ipakita Mo sa amin ang iyong 'di masayod na awa,
 at kalagan Mo nawa kami sa aming mga kasalanan at mailayo sa amin ang Iyong
 pagpaparusa gawa ng aming pagsuway.

V. Salvos fac servos tuos.
R. Deus meus, sperantes in te.

V. Esto nobis, Dómine, turris fortitúdinis.

R. A fácie inimíci.

V. Nihil proficiat inimícus in nobis.

R. Et filius iniquitátis non appónat nocére nobis.

V. Dómine, non secúndum peccáta nostra fácias nobis.

R. Neque secúndum iniquitátes nostras retribuas nobis.

V. Orémus pro Pontifice nostro **N.**

R. Dóminus consérvet eum, et vivíficet eum, et beátum fáciat eum in terra, et non tradat eum in ánimam inimicórum ejus.

(Vacante Apostolica Sede, Versus cum suo Responsorio præteritur.)

V. Orémus pro benefactoribus nostris.

R. Retribuere dignáre, Dómine, ómnibus, nobis bona faciéntibus propter nomen tuum, vitam ætérnam. Amen.

V. Orémus pro fidelibus defunctis.

R. Réquiem ætérnam dona eis, Dómine, et lux perpétua luceat eis.

V. Panginoon, ilitgas Mo ang iyong bayan.

R. O Dios ko, silang lahat na umaasa sa Iyo.

V. Para sa amin, O Panginoon, nawa'y sandigan Ka namin.

R. Mula sa harap ng aming mga kaaway.

V. Huwag nawa kaming manlinlang ng aming mga kaaway.

R. At huwag sanang pahirapan ng mga balakyot.

V. Panginoon, huwag Mo po kaming parusahan ayon sa aming mga kasalanan.

R. At huwag mo kaming gantihan ayon sa aming mga pagkukulang.

V. Ipanalangin natin ang ating Santo Papa **N.**

R. Ipagtanggol nawa siya ng Panginoon, ingatan ang kaniyang buhay, at pagpalain dito sa lupa; at huwag siyang isuko sa ating mga kaaway.

(Subalit kung walang Santo Papa, bindi darasalin ang nasa itaas.)

V. Ipanalangin natin ang ating mga tagapagtangkilik.

R. Panginoon, alang-alang sa Iyong ngalan, gantihan mo ng buhay na walang-hanggan, yaring mga gumawa sa amin ng magaling. Amen.

V. Ipanalangin natin ang mga pumanaw na.

R. Kapayapaan kailanman ang igawad ng Maykapal sa yumao nating mahal. Masinagan nawa sila ng liwanag na walang-hanggan.

Per sanctam
resurrectionem tuam,

Per admirabilem
ascensionem tuam,

Per adventum Spiritus
Sancti Paracliti,

In die iudicii,

Peccatores,
* te rogamus, audi nos.

Ut nobis parcas,
Ut nobis indulgeas,
Ut ad veram paenitentiam
nos perducere digneris,
Ut Ecclesiam tuam
sanctam regere et
conservare digneris,
Ut domum Apostolicum
et omnes ecclesiasti-
cos ordines in sancta
religione conservare
digneris,

Ut inimicos sanctae
Ecclesiae humiliare
digneris,
Ut regibus et principi-
bus christianis pacem
et veram concordiam
donare digneris,

Ut cuncto populo christiano
pacem et unitatem
largiri digneris,

* libera nos, Domine.

Pakundangan sa Iyong Muling
Pagkabuhay,

Pakundangan sa kahanga-hanga Mong
Pag-akyat sa Langit,

Pakundangan sa pagdating ng
Mang-aaliw, ang Espiritu Santo,

Sa araw ng paghuhukom,

Kaming makasalanan,
* samo nami'y, Iyong dinggin.

Mahabag Ka sa amin,
Patawarin Mo kami,
Upang pagkalooban mo kami ng tunay
na pagsisisi sa aming kasalanan,
Upang itaguyod at pamunuan Mo
ang Iyong banal na Simbahan,

Upang kalingan Mo ang Santo Papa,
at ang lahat ng nasa banal na orden
sa ating banal na relihiyon,

Upang pasukuin Mo ang mga kaaway
ng banal na Simbahan,

Upang pagkalooban Mo ng tunay na
kapayapaan at katiwasayan
ang mga binyagang hari at pangulo,

Upang pagkalooban Mo ng kapayapaan
at pagkakaisa ang mga binyagan,

* iadya mo kami, Panginoon.

* samo nami'y, Iyong dinggin.

* te rogamus, audi nos.

Ut omnes errantes ad
unitatem Ecclesiae revo-
care, et infideles universos
ad Evangelii lumen
perducere digneris,
Ut nosmetipsos in tuo
sancto servitio confortare
et conservare digneris,
Ut mentes nostras ad
caelestia desideria erigas,
Ut omnibus benefactoribus
nostris sempiterna bona
retribuas,
Ut animas nostras, fratrum,
propinquorum et bene-
factorum nostrorum
ab aeterna damna-
tione eripias,
Ut fructus terrae dare
et conservare digneris,
Ut omnibus fidelibus
defunctis requiem
aeternam donare digneris,
Ut nos exaudire digneris,

* te rogamus, audi nos.

Fili Dei,

Agnus Dei, qui tollis peccata
mundi, * **parce nobis,
Domine.**

Agnus Dei, qui tollis peccata
mundi, * **exaudi nos, Domine.**

Agnus Dei, qui tollis peccata
mundi, * **miserere nobis.**

Christe, audi nos.

Christe, exaudi nos.

Upang pag-isahin Mo nawa ang
ang Iyong Simbahan, at matanaw
ng mga hindi sumasampalataya sa Iyo
ang liwanag ng Iyong
Mabuting Balita,
Upang kami ay ingatan at palakasín Mo
sa banal na paglilingkod sa Iyo,
Upang lagi namin isipin ang mga
bagay na makalangit,
Upang ang lahat ng gumawa sa amin
ng mabuti ay biyayaan Mo
ng walang hanggang kagalinga,
Upang hangin Mo sa walang-hanggang
kamatayan ang aming mga
kaluluwa, at ng aming mga
kapatid, kamag-anak at kaibigan,
Upang marapatín Mo na ipagkaloob
sa amin at ingatan ang mga bunga
ng lupa,
Upang pagkalooban Mo nawa ng
kapayapaan ang mga namayapa,
Upang dinggin Mo ang aming
panalangin,

* samo nani'y, Iyong dinggin.

Anak ng Diyos,

Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga
kasalanan ng sanlibutan, * **patawarin Mo
kami, Panginoon.**

Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga
kasalanan ng sanlibutan, * **paka-pakinggan
Mo kami, Panginoon.**

Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga
kasalanan ng sanlibutan, * **maawa ka sa
amin.**

Kristo, pakinggan Mo kami.

Kristo, pakapakinggan Mo kami.

Kyrie, eleison.

Christe, eleison.

Kyrie, eleison.

Pater noster... (*Secreto ad usque*):

V. Et ne nos inducas in
tentationem.

R. Sed libera nos a malo.

*Kung mahaba ang prusisyon, mauulit ang Letania. Makaaawit din ng Salmos Penitencial.
Subalit kung ang prusisyon ay para sa ikapagpapatawad ng kasalanan, ipinagbabawal na
umawit ng anumang awiting masaya.*

DEUS, IN ADIUTORIUM • Ps 69 (70)

DEUS, in adiutorium meum
intende; * Domine, ad
adjuvandum me festina.

Confundantur, et revereantur,
* qui quaerunt animam meam.

Avertantur retrorsum, et
erubescant, * qui volunt mihi
mala;

Avertantur statim
erubescences qui dicunt mihi: *
Euge, euge!

Exsultent et laetentur in te
omnes qui quaerunt te; * et
dicant semper:

Magnificetur Dominus, * qui
diligunt salutare tuum.

Ego vero egenus et pauper sum;
* Deus, adjuva me.

Adjutor meus et liberator meus
es tu; * Domine, ne moreris.

Gloria Patri, et Filio, * et Spiritui
Sancto.

Sicut erat in principio, et nunc,
et semper, * et in saecula
saeculorum. Amen.

Panginoon, maawa ka.

Kristo, maawa ka.

Panginoon, maawa ka.

Ama namin... (*Dasalin nang tahimik*):

V. At huwag Mo po kaming ipahintulot sa
tukso.

R. At iadya Mo kami sa lahat ng masama.

O DIOS, halina at ako'y tulungan; *
Panginoon, daglian mo akong damayan.

Mapahiya at malito nawa sila * na tumutugis
sa aking buhay!

Maitaboy nawa sila at mawalan ng
karangalan, * silang nagnanais na ako'y
masaktan!

Mangilabot nawa sila dahil sa kanilang
kahihiyan, * silang nagsasabi, "Aha, Aha!"

Lahatawang nagsisihanap sa iyo, ay magalak
at matuwa sa iyo: * Yaonawang umiibig sa
iyong pagliligtas ay patuloy na magsabi:
"Hayaang dakilain ang Diyos: * pagka't
inililigtas Niya ang lahat ng mga umiibig sa
Kaniya."

Ngunit ako'y dukha at nangangailangan,*
magmadali kang tumulong sa akin, O Dios!

Ikaw ang aking saklolo at aking tagapagligtas;
* O Panginoon, huwag kang magtagal.

Luwalhati sa Ama, at sa Anak, * at sa Espiritu
Santo.

Kapara noong una, ngayon, at
magpakailanman, * at magpasawalang-
hangan. Amen.